

Pusong, Kamalayang Pilipino, at Penomenong Erap

Ni Mila D. Aguilar

Binasa sa Ika-12 Kumperensiya ng ADHIKA ng Pilipinas
University of San Carlos, Cebu City
Nobyembre 28-30, 2001

Paglalogom

Ang pag-aaral ay nakasentro sa isang bahagi ng kamalayang Pilipino na bagamat posibleng hindi yaong umiiral, ay mahalaga pa rin sa pagkakaunawa ng bayan sa sarili. Ang mga kwentong Juan Pusong, Juan Usong, Pilandok, Guatchinango at iba pang mga manlolokong Pinoy, ay laganap sa buong kapuluan. Masabi pa, lubhang marami sa mga tinatawag na folktales ng Pilipinas ay mga kwento ng panloloko. Ito ba ang dahilan kung bakit si Erap ay naging malapit sa masang Pilipino? Oo man o hindi ang sagot sa tanong na ito, anong aral ang mahahango natin sa pagsibol ng isang pangmasang bayaning hindi kaaya-aya sa mata ng panggitna o naghaharing-uri, o maging sa punto de bista ng kasaysayang Pilipino?

Sa tuwing pag-usapan ang mga kwentong panloloko o trickster tales, di ko maiwasang ikwento si Juan Pusong ng Cebu. Maldito siyang bata. Minsan, pinutol niya ang mga buntot ng lahat ng baka ng hari, at ibinaon sa lupa. Pumunta siya sa hari at sinabing namatay ang kanyang mga baka. Nalungkot ang hari, pero nuong malaman na hindi pala totoo ito, kinalaboso si Juan sa isang hawla at pinadala sa tabi ng dagat, upang sa susunod na araw ay maitapon sa ilalim nito. Umiiyak si Juan sa loob ng hawla nang madaanan siya ng isang lalaki. Pinipilit daw siyang magpakasal sa anak ng hari pagsikat ng araw, ani Juan, kaya nagmungkahi ang lalaking makipagpalitan sa kanyang lugar. Noong sumunod na araw, dumaan si Juan sa bahay ng hari. Gulat ang hari nang sabihin niyang nakita niya ang mga magulang at kamag-anakan nito sa ilalim ng dagat, sa loob ng marangyang bahay, at sabik na raw silang makita ang kamag-anak nilang hari. Naniwala ang hari at nagpatiuod sa dagat, lulan ng hawla, tulad ng ibinalak niya para kay Juan.

Ito ang dahilan kung bakit naging hari si Juan (Alburo 118-123).

Hindi karaniwang maintindihan agad ang katagang trickster, pero sa tuwing iparinig ko ang kwentong ito, nauunawan kung ano ang ibig kong sabihin. Sa katunayan, napakaraming trickster tales sa buong kapuluan. Bagamat maraming trickster tales sa buong mundo (Christen), lalo na sa mga mamamayan ng mundong napasailalim ng ibang bansa (Bakhtin, Dentith, Tiongson) tulad ng nasabi ko na sa ibang papel, sa Pilipinas lalo, may kakaiba silang dating. Kung susuriin natin ang Filipino Popular Tales (FPT) at Finding List of Philippine Folklore (FLPF) ni Dean Fansler, makikita natin na isa sa pinakamalaking pinagkakaabalahan ng mga Pilipino sa kanilang mga popular na kwento or folktales noong mga panahon kinalap ang mga ito, mga taon bago ang 1921, ay mga kwento ng panloloko, bukod sa mga kwentong kababalaghan o magic, at mga kwentong nagsisikap magpaliwanag ng pinagmulan ng mga bagay-bagay. Kung minsan, ang

panloloko at kababalaghan ay pinaghahalo sa iisang kwento. Kadalasan naman, ang mga kwento ng pinagmulan ng mga bagay ay kababalaghan.

Sa papel na ito, na lalabas na paglalagom ng tatlong papel na nagawa ko na at malapit nang ilathala, magkokonsentra ako sa mga kwento ng panloloko.

Lima ang marka ng Pilipinong manloloko, na tatawagin nating pusong:

Una, sa lubhang maraming pagkakataon, iniisahan niya ang Hari at sa pamamagitan ng panloloko ay nakukuha ang poder nito.

Pangalawa, kadalasan ang panloloko niya ay nakatuon sa panunulot ng asawa o anak ng Hari, at sa pamamagitan nito ay doon niya nakukuha ang poder ng Hari.

Pangatlo, sa di-iilang kwento, maaari siyang maging tuso (trickster) at bobo (numskull) nang sabay.

Pang-apat, sa Ilokos, at sa Ilokos lamang, kadalasan ay hindi na Hari ang kanyang iniisahan, kundi kanyang kapwa, sa paraan kadalasan ng panggagantso, o unfair trading practices na tinatawag.

At panglima, lubhang malaking bahagi ng mga pusong ay lalaki; sa katunayan, lima pa lamang ang nahahanap kong babaeng pusong sa ngayon, at ang tipo ng kanilang panloloko ay malumanay at nakatuon sa pagpoprotekta ng kanilang virtud; sa lima, tatlo dito ay Kapampangan. Ang huling markang ito ay hindi ko tatalakin sa papel na ito; makukuha niyo ito sa ibang papel na naisulat ko na rin at naipamudmod.

Sa pag-aaral ko, walang ibang bansa sa mundong may kasindami ng porsyento at kasinglaganap na mga kwentong panloloko na may marka ng unang dalawang kalipikasyon. Sa ibang bansa ng Asya, tulad ng Tsina, Korea, Malaysia at Thailand, wala ring tuso na bobo sa parehong pagkakataon. Sa mga American Indians, meron nito, karamihan sa porma ng hayop, na tao na rin, dahil sa ganang American Indians, ang tao at hayop ay iisa. Ngunit sa Tsina, laganap, tulad ng sa Ilokos, ang mga kwento ng panloloko sa kapwa.

Samakatwid, ibang-iba si Pusong, ang Pilipinong manloloko, sa kanyang mga katoto sa ibang parte ng mundo. Madalas niyang pinupunteryang kaharian, at nakukuha ito, at kadalasan, sa pamamagitan ng pagpapakasal sa anak ng hari – lahat, sa pamamagitan hindi ng magic o kababalaghan, kundi panloloko. Masabi pa, nakukuha rin niya ang ganitong punteryang sa pamamagitan ng magic o kababalaghan, patunay lamang na isang sentral na tunguhin sa kanya ang pagpupunteryang kaharian.

Kailangan ng isang nota sa analisis na ito. Ang pinagkunan ng mga kwentong ito ay koleksyon ni Dean Fansler at sumunod, ni Damiana Eugenio, na marami ring kinuha kay Fansler. Ang naunang koleksiyon ay ginawa noong 1920s. Wala pa akong nasasagap na koleksyon na mas maaga kaysa rito, pero isusunod kong pag-aaral ang paghahalukay sa ibat-ibang porma ng literatura noong panahon ng mga Español, upang malaman kung pareho pa rin ang aking mahahanap. Maaari nating sabihin na ang mga kwentong bayan

ay hindi basta-basta lumalabas sa isang panahon lamang kundi may relasyon sa nakaraan, ngunit upang maniguro, kailangan pa rin halungkat ang pagkakarapareho nito sa nakaraan. Gayumpaman, masasabing ito na ang takbo ng utak ng karamihan mula 1920s, o di kaya mula nang pagdating ng mga Amerikano.

Sa maraming pag-aaral ng mga miembro ng Adhika at iba pang mga dalubhasa sa kasaysayang Pilipino, nailalabas ang pagkaduhagi ng masang Pilipino sa mga kolonyalista at maging sa naghaharing-uri nito. Ang kalakarang ito ay umiiral mula pa nang panahon ng mga Espanyol, at nagpapatuloy magpahanggang ngayon. Ngunit ang kalakarang ito ay pumatong lamang sa isang naunang lipunan kung saan sa matagal na panahon, maraming maliliit na tribo ang nakalatag sa buong kapuluan kung saan ang karamihan ay di nahahahati-hati sa mga uring tiyak at malayo at isa't isa, at anumang pag-iiba ng mga uri, mayroon mang tinatawag na alipin, ay mga aliping parte ng bahay, o namamahay, at mga kamag-anak ang mga ito.

Noong dumating ang mga Amerikano, hinalinhinan lamang nila ang lugar ng mga Espanyol, at pinagpatuloy ang dating kalakaran, kung saan pyudal ang base ng lipunan, at inaaruga nila ang naging naghaharing-uri ng mga Pilipino, na lubhang maliit na bahagi ng lipunan, sa pakay na gamitin ito upang mapasunod ang kalakhan ng masa. Ang komposisyon nitong naghaharing-uri ay may pagkakarapareho sa dati, ngunit may bago ring mga naidadagdag nang paunti-unti sa takbo ng panahon.

Ito ang kalagayan ng pag-usbong ng mga kwentong pusong. Sa kalagayang ito, sino ang di magnanais na makatuntong sa kaharian? Walang ibang pag-asang ibinibigay ang mala-pyudal at mala-kolonyal na lipunan sa pag-unlad. Ang sipag ay walang gaanong kahihinatnan, dahil ang naghaharing-uri ay hene-henerasyong nakaugat na sa trono. Ngunit may puwang ang kaharian kung ang ginagamit ay kalokohan; maaaring umakyat sa pamamagitan ng pang-iintriga, pangagantso, o pagkuha ng puso ng anak ng hari sa pamamagitan ng di-romantikong panghahala. Ito lamang ang tanging mga paraan sa tiyak na pag-asenso. Wishful thinking man, naipatatupad din kahit papaano.

Si Erap – ibig sabihin, si Erap na icon ng masa at hindi si Joseph Ejercito na noong una ay anak pa ng tatay niya – ay ipinanganak sa loob ng ganitong sirkumstansya. Sa simula, naging bayani siya ng pelikulang bakkaban, bagay na naging preparasyon sa kanyang pagiging bayaning pusong. Ani Covar:

...May hinuha ako, na ang pelikulang bakkaban, kaya dinudumog ng tao ay dahilan sa salamin ng buhay na tahasang inilalarawan ng mga ito...ang diyalektiko ng sagupaan ng tatlong malalakas na puwersa ng lipunan: (1) mamamayan; a) naghaharing uri, b) karaniwang mamamayan; (2) pamahalaan: a) military/pulisya at b) mapaniil na burucrata at pulitikong mapanlinlang; at (3) underground, underworld; at supernatural world.

Barilan at buntalan ang pangmukhang anyo ng pelikulang bakkaban. Paraan ito upang mabigyang laya ang nakukuyom na damdamin bunga ng pagka-api, pagkaduhagi sa mapagsamantalang lipunan. (Salazar B8)

Kung kay Agustin Sotto naman:

Joseph Estrada onscreen is the champion of the poor, the mediator between wayward brethren, the protector of the weak against extortionists, the succor to the needy, the patient and sacrificing Superman who helps the lowliest get the justice they deserve. (C5)

Dito siya naging Erap, baliktad ng *pare*, para sa masa. Siya ang kumpareng laging maaasahan. Ngunit ang panahon ng kanyang pagsikat ay 1950s at maagang bahagi ng 1960s, kung saan ang buhay ay di pa gaanong mahirap, at hindi pa iniluluwal ang rehimeng Marcos. Simula nang una siyang binotong meyor ng San Juan, noong 1967, unti-unting nang nagbago ang panahon. Lalong nadugmok ang lubhang malaking bahagi ng populasyon sa kapighatian, dagdag pa noong mga taon pagkalipas ng pagpataw ng martial law. Nagtaasan ang presyo ng mga bilihan, nag-triple at patuloy na tumaas ang dollar exchange, may bahagi ng naghaharing-uri na nawalan ng mga ari-arian, at pinakamahalaga, lumaganap ang korupsiyon sa ranggo ng iilang mga malapit sa poder. Naging malinaw na maging ang malinis na bayani ng pelikulang bakbakan ay hindi makakapagbigay ng hustisya sa mga mabababa at duhagi sa lipunan. Tanging sa pangungulimbat na lamang ang pag-asang makaahon, maging sa bahagi man ng dating mayayaman o mahihirap. Kaya ang Fernando Poe Jr. at Joseph Estrada, mga relatibong malilinis na bayani sa pakikibakbakan, ay pinalitan ng mga tahasang kriminal na bayaning pampelikula tulad nina Ramon Revilla, Rudy Fernandez at Anthony Alonzo.

Kaya noong mawala si Marcos, ani pa ng marami, na-democratize ang korupsiyon. Kung pwedeng gawin ng otoridad, ng diktador na mismo, bakit hindi ng maliliit sa gubyerno? Ganoon din sa langganan. Bakit, ang kakarampot na nasa poder lang ba ang puwedeng magnakaw?

Hindi katataka-taka kung bakit noong taong 2000, kung kailan gusto nang alisin ng isang bahagi ng panggitnang pwersa si Erap mula sa pagkakaluklok niya sa panguluhan, at maging hanggang Mayo ng 2001, apat na buwan pagkaraan siyang matanggal, hindi pa rin matinag ang kalakhan ng masa – masabi pa, kalakhan ng lipunang Pilipino – sa paniniwala sa kanya. Makikita ito sa trust ratings na nilabas ng Pulse Asia. Sa analisis ko na nilabas sa ibang papel:

These survey results would show that Erap is most popular not simply among the disadvantaged..., but among groups who are least informed and least educated (E, those with no formal or only elementary education, and farmers), or those whose group interests he has served in line with their own perceptions, such as the Christians in the Mindanao mainland and the Iglesia ni Cristo. Note that these are also the groups most prone to be swayed by movie idol roles, or, for that matter, fooled in trickster fashion. (Aguilar 1:10-11)

Sabi ko pa sa tinukoy na papel, kung ganito lang ang kaso, madali sanang naipaabot sa masang bilib kay Erap ang katotohanan. Pero hindi. Makikitang sa “small trust” ratings ng uring ABC para kay Erap noong Mayo 2001, apat na buwan pagkaraan siyang matanggal, 61% lang ang walang tiwala sa kanya; 23% ang nanatiling hindi makapagpasya. Ang mga gradwado sa kolehiyo at post-graduate naman ay 54% nang nawalan ng tiwala, ngunit 24 porsyento pa rin ang di desidido. Sa NCR, bagamat 48% na ang nawalan ng tiwala, 27% pa rin ang di makapagpasya. Sa kalakhan ng Luzon, 47% para sa una, 26% di makapagpasya. Sa Visayas, 62% at 24% ang tambalan (11). Ang Mindanao ay ibang istorya. Malaking bahagi nito ang patuloy na nagtiwala sa kanya sa mga panahong iyon.

Samakatwid, ayon pa sa aking papel noon:

...One may glean that as late as May 2001, after the impeachment trial and EDSA II, and even after EDSA III, a full fourth of the people, more or less, are still undecided about Estrada, while just a little more than half of certain and upper sectors of society are convinced against him. Such data show that a sizeable section of society not only do not want to make a definite stand on him, but that support for him, while more apparent among the lower strata, cuts through classes, and permeate even those to whom information about his activities have already been made available.

Ignorance, then, is not the key to the secret of Erap; it is something else.

It is not even his having been a movie idol. For if we go by his own movie roles, the very fact of his womanizing, gambling and drinking should have turned off the whole populace a long time ago. The heroes of the *pelikulang babakan*, as of his time, were monogamous good boys whose only interest was the welfare of their communities. They were not outlaws, but laid down the law, having taken the law into their own hands. By all appearances, Erap has acted more like an outlaw than a just law-dealer, faking his name, accepting commissions from outlaw groups, manipulating public funds, arrogating billions of pesos unto his own accounts from the most hideous sources. This certainly is not the conduct of a hero of the *pelikulang babakan* of his time, nor even of the time of Ramon Revilla, Rudy Fernandez, or Anthony Alonzo – for even they had to hark back to a sick mother for their misdeeds.

The secret, rather, lies in the public perception of Erap as a trickster hero. For in the public mind, in a society where advancement is next to impossible except through trickery and deception, if not robbery in band, tricksterism, being the only way to survive and flourish, is not only acceptable; it has become next to desirable, so that even if the hero does not deliver directly to his constituents, he can yet be applauded for the audacity. (11-12)

Sa aking malagim na palagay, hanggat hindi maipapakita na may ibang paraang marangal sa pagpapayaman at pag-unlad man lamang sa bansang ito, hindi maiaalis sa puso ng karamihan ng mga Pilipino si Erap bilang bayaning pusong. Bagamat sa unti-unti ay maaari siyang manghina, at humina na rin ang pagtangkilik sa kanya, mapapalitan lamang siya ng ibang klaseng pusong, maaaring mas masahol pa sa kanya. Kung hindi tayo magbabantay, at kung hindi natin gagawan ng paraan ng makapaglunsad ng programang makakapag-alis sa karamihan sa pagkalustay ng kahirapan, sa pamamagitan hindi ng pamumudmod ng mga regalo kundi ng sarili nilang pagsisikap – pagsisikap na kakikitaan ng tiyak na bunga – maaaring palitan si Erap ng tipo ni Ping. Sa palagay ko, wala sa ating may gusto nito, kahit dito sa Cebu kung saan minsan siyang naging popular.

References

- 1 Aguilar, Mila D. (1) "Erap: Movie Idol Turned Trickster Hero?" Unpublished paper, 1 June 2001.
- 2 ---. (2) "Fighting the Panopticon: Filipino Trickster Tales as Active Agency Against Oppressive Structures." Paper delivered at Pambansang Kumperensiya sa Panitikang-Bayan, Pulungang Recto, Bulwagang Rizal, U of the Philippines Diliman, Quezon City, 30 Nov 2000.
- 3 ---. (3) "Pusong and the Kapampangan Woman." Paper read at 1st International Conference on Kapampangan Studies, Holy Angel University, Angeles, Pampanga, 5 Aug 2001.
- 4 ---. (4) "The Ideology of Plunder and Our Tasks." Published via email and over the Internet, 2000.
- 5 Albuero, Erlinda, ed and trans. *Cebuano Folktales*. Cebu City: U of San Carlos, 1977.

- 6 --- et al, eds. (2) *Cebuano Poetry/Sugboanong Balak Until 1940*. Cebu City: U of San Carlos Cebuano Studies Center, 1988.
- 7 *Antolohiya ng mga Panitikang Asean: Mga Epiko ng Pilipinas*. Jovita V. Castro, et al, eds. Lungsod ng Quezon: Komite ng Kultura at Kabatiran ng Asean, 1984.
- 8 Bakhtin, Mikhail. *Rabelais and His World*. Bloomington: Indiana U Press, 1984.
- 9 Cassell, Philip, ed. *The Giddens Reader*. Standford, CA: Stanford U Press, 1993.
- 10 *CCP Encyclopedia of the Arts*. Vols. 1 and 2. Manila: Cultural Center of the Philippines, 1994.
- 11 Christen, Kimberly A. *Clowns & Tricksters: An Encyclopedia of Tradition and Culture*. Sta. Barbara CA: ABC-CLIO, Inc., 1998.
- 12 Covar, Prospero R. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 1998.
- 13 Dentith, Simon. "Bakhtin's carnival." Chapter 3, *Bakhtinian Thought, An Introductory Reader*. London: Routledge, 1995. 65-87.
- 14 Dundes, Alan. **Interpreting Folklore**. Bloomington: Indiana U Press, 1980.
- 15 ---. *The Study of Folklore*. Englewood Cliffs, N.J.: Prentice-Hall, Inc., 1965.
- 16 Eugenio, Damiana L., ed. *The Folktales*. Philippine Folk Literature Series Vol. IV. Quezon City: UP Folklorists, Inc. and Philippine National Science Society, 1989.
- 17 Giddens, Anthony. "Elements of the Theory of Structuration." *The Constitution of Society: Outline of the Theory of Structuration*. Cambridge: Polity Press, 1984. xiii-xxxvii, 1-37.
- 18 Fansler, Dean S., ed. (1) *Filipino Popular Tales*. NY: American Folklore Society, 1921.
- 19 ---. (2) *Finding List of Philippine Folklore*. Vols. 1-3. Typewritten. U of the Philippines Main Library.
- 20 Maquiso, Elena G. *Ulahingan: An Epic of Southern Philippines*. Series 1-5. Dumaguete City: Silliman U Press, 1977, 1990, 1992, 1993, 1994.
- 21 Opeña, Ludivina R., transcriber. "Olaging: The Battle of Nalandangan, a Bukid-non Folk-Epic." *Kinaadman: A Journal of Southern Philippines*. Vol. 1 (1979), pp. 151-227.
- 22 Roxas, Sixto K. *Jueteng Gate: The Parable of a Nation in Crisis*. Manila: Bancom Foundation, 2000.
- 23 Salazar, Zeus, Prospero Covar, and Agustin Sotto. *Unang Pagtingin sa Pelikulang Bakkakan*. Manila: Sentrong Pangkultura ng Pilipinas, 1989.
- 24 Unabia, Carmen Ching. *Bukidnon Myths and Rituals*. N.p.: n.p., 2000.
- 25 Tiongson, Nicanor G. (1) "Ang Pusong sa Dulang Tagalog: Panimulang Pag-aaral." Mss.
- 26 ---. (2) *Komedya*. Philippine Theatre: History and Anthology Vol. II. Quezon City: U of the Philippines Press, 1999.
- 27 Wrigglesworth, Hazel, trans. *An Anthology of Ilianen Manobo Folktales*. Cebu City: U of San Carlos, 1981.
- 28 ---. "Tulalang Slays the Dragon: A Complete Song from the Ilianen Manobo Epic of Tulalang." *Philippine Quarterly of Culture and Society*. 5 (1977) 123-165.